REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 2[illegible]

KAPASIYAHAN PARA SA PAGPAPATAYO/PAG-IINSTILA NG TATLONG (3) POSO ARTESYANO SA IBA'T-IBANG LUGAR SA BAYAN NG MUNTINLUPA UPANG MAIBIGAY ANG PANGANGAILANGAN SA TUBIG NG MGA MAMAMAYAN NA LUBHANG UMAASA DITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa ginawang inspeksyon ng Tanggapan ng Inhinyera ay napatunayang lubhang kailangan ang poso artesyano sa mga naninirahan sa Montillano street, Alabang na nagkakahalaga ng APAT NA LIBO SIYAMNAPU'T APAT NA PISO (₱4,094.00); sa No. 243 Block 2 Purok 2, Bayanan na nagkakahalaga ng LIMANG LIBO TATLONG DAAN LIMAMPU'T WALONG PISO (₱5,358.00); at sa Munting Nayon, Summitville, Putatan na nagkakahalaga ng ANIM NA LIBO WALONG DAAN WALUMPU'T WALONG PISO (₱6,888.00) para sa tubig na pangangailangan nila sa araw-araw;

SAPAGKAT, ang tubig ay isa sa mga nesesidad sa buhay ng tao upang mapangalagaan ang kalusugan, kalinisan at sanidad hindi lang sa pangangatawan kundi maging sa kapaligiran din na magsisilbing pananggalang sa anumang sakit;

NGAYON , DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay nagtatakda ng halagang LABING ANIM NA LIBO TATLONG DAAN AT APATNAPUNG PISO(₱16,340.) para sa pagpapagawa/pag-iinstila ng mga poso sa mga lugar na nabanggit sa itaas;

PINAGPASIYANG MULI, ng Property and Procurement Office na siyang mangangasiwa at magsasagawa ng pagbili ng mga materyales para sa pagpapagawa/pag-iinstila ng mga poso artesyano sa nasabing lugar;

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan nitong ika-13 ng Hunyo, 1988 sa kanilang panglabing-pitong pangkaraniwang pulong base sa mungkahi ni Kgg. Lucio B. Constantino.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hunyo 13,1988

RRC:vts